



Brampton Entrepreneur Centre muling magbubukas para sa mga kliyente sa Abril 12

BRAMPTON, ON (Abril 8, 2022) – Sa patuloy na pagtuon sa kalusugan at kaligtasan, ang Brampton Entrepreneur Centre (BEC) at ang Co-working Space ay muling magbubukas para sa mga serbisyong personal sa Martes at Huwebes, mula 9 am hanggang 4 pm simula sa Martes, Abril 12, 2022.

Ang mga aplikasyon ay kailangang isumite at aprubahan ng BEC na gamitin ang Co-Working Space. Maaaring isumite ang mga aplikasyon sa [Brampton.ca/incubator](https://brampton.ca/incubator). Available ang Co-working para sa aprubadong mga aplikante mula 9 am hanggang 4 pm.

Simula sa linggo ng Hulyo 4, 2022, ang Co-Working space ay bukas nang tatlong araw bawat linggo, na papasyahan pa ang mga araw.

Ang mga konsultasyon sa mga tagapayong pangnegosyo ng BEC ay mananaitling birtwal sa panahon na ito at kailangang [i-book nang pauna](#). Hindi available ang mga locker.

Kahit na ang mga face mask ay hindi na kakailanganin para makapasok sa mga pasilidad ng Lungsod, ang mga user ng Co-Working Space ay hinihiling na igalang ang mga taong pipiliing patuloy na isuot ang mga ito. Ang paglayo mula sa iba, mga limit sa kapasidad at paunang screening ay hindi na kailangan, ngunit dapat manatili ang mga indibidwal sa bahay kung masama ang pakiramdam nila.

Ang sinuman na mag-a-access sa Co-Working Space ay kakailanganing i-sanitize ang kanilang workspace bago at pagkatapos, pati na rin ang bago at pagkatapos gamitin ang alinmang mga asset sa space (mga booth ng telepono/mga meeting room). May ibibigay na sanitation wipes para gamitin.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Brampton Entrepreneur Centre bisitahin ang [Brampton.ca/bec](https://brampton.ca/bec).

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng
Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca